LIGHT READING: customer newsletter mula sa Seattle City Light
Enero-Pebrero 2016

SUMALI SA AMING PALIGSAHANG PUZZLE

Subukan ang iyong kaalaman sa mga ideya ng pagtitipid ng enerhiya sa crossword puzzle ng City Light, na isasali upang manalo ng isang Kindle Fire. Alamin ang higit pa at i-access ang puzzle online sa seattle.gov/light/pubs/lightreading.asp pagkatapos ay i-click ang link ng Light Reading para sa buwan ng Enero-Pebrero 2016.

Mayroong ka bang tanong tungkol sa pagtitipid o sa aming mga programa sa renewable na enerhiya? Tumawag sa isang Tagapayo ng Enerhiya ng Seattle City Light sa (206) 684-3800 o mag-email sa ConservationHero@seattle.gov.

NAKAKATIPID NG ENERHIYA AT PERA ANG MGA BAGONG METRO

Naghahanda ang City Light para sa pag-i-install ng mga advanced na electric na metro sa kabuuan ng aming teritoryo ng serbisyo na magsisimula sa 2017. Ia-update ng proyektong ito ang teknolohiyang ginagamit namin at pinapahusay ang serbisyo sa mga customer sa pamamagitan ng pag-aalok ng:
-halos real-time na impormasyon sa balanse ng account;
-mas mahusay na mga pamamaraan ng pagsingil;
-mas mabilis na tugon sa mga brownout;
-higit na kontrol sa mga customer sa kanilang paggamit ng enerhiya.
Alam mo ba na ang mga advanced na metro ay nagpapadala ng mga signal na hindi na gaanong kalakas kumpara sa average na cell phone? Bukod pa rito, mapapanatiling ligtas ng isang naka-encrypt at wireless na network ang impormasyon ng paggamit ng enerhiya ng customer. Matuto nang higit pa sa http://www.seattle.gov/light/ami/.

PAGSASAAYOS SA RATE

Alinsunod sa inaprubahan ng Seattle City Council sa Strategic Plan ng utility, tumaas nang 4.9 na porsyento sa 2016 ang mga rate ng customer. Ang plan ay nagbibigay-daan sa City Light na ialok ang pinakamahusay na serbisyong posible sa mga customer. Dahil sa pagbabago ng rate na ito, nadagdagan ng humigit-kumulang $3.15 bawat buwan ang karaniwang residential-customer na bill.

KURYENTE: ISANG MAKAPANGYARIHANG REGALO

Nahihirapan ang ilang tao na bayaran ang kanilang mga utility bill sa kuryente tuwing taglamig kapag malamig sa labas. Ang Project Share ay isang programa na tumutulong sa mga customer sa kanilang mga bill. Mayroong dalawang madaling paraan upang makapagbigay ng regalong nababawasan ng buwis:
-Online (seattle.gov/light/ProjectShare/shareform.asp). Tumukoy ng halagang idaragdag sa iyong mga regular na bill sa kuryente o magbigay ng isang beses na donasyon.
-Sa pamamagitan ng tseke, na nakapangalan sa Project Share at isama rito ang iyong bayad sa City Light o ipadala ito sa:
City of Seattle
Treasury Services
P.O. Box 34017
Seattle WA 98124-1017
Maraming salamat!

TUKUYIN ITO, I-ULAT ITO, PIGILAN ITO

Kapag bumababa ang temperatura, tumataas ang mga bill sa pagpapainit ng bahay. Sinasamantala nang husto ng mga magnanakaw ang sitwasyon sa pamamagitan ng pagta-target sa mga utility customer at pagbabanta na papatayin ang kuryente maliban kung agad na magbabayad. Matuto nang higit pa tungkol sa kung paano mo mapoprotektahan ang iyong sarili, iyong pamilya at mga kaibigan. Bisitahin ang seattle.gov/light/EndScams.

TIP NA PANGKALIGTASAN MULA SA FIELD

"Sa panahon ng kawalan ng kuryente, gumagamit ng mga portable na generator ang ilang tao. Kung gagawin mo ito, tandaan: Huwag kailanman gamitin ang mga ito sa loob ng bahay at kasama roon ang loob ng garahe. At protektahan ang iyong sarili sa pamamagitan ng pag-i-install ng mga carbon-monoxide detector."
-Ed Hill, Supervisor ng paghahatid ng kuryente ng City Light

SA INYONG KAPITBAHAYAN:
CITY LIGHT @ WORK
Ang mga crew ay nasa mga kapitbahayang ito at nagtatrabaho upang bigyan ka ng maaasahang kuryente.
• Holly Park: ina-upgrade ang mga street light;
• Seattle, King County, Burien (iba't ibang lokasyon): nagpapalit ng mga utility pole;
• Elliott Bay: naglilipat/nagbabalik ng mga serbisyo sa underground bilang suporta sa proyektong seawall;

• Central District: nag-i-install ng bagong transformer sa substation sa E. Pine Street;
• South Lake Union/Denny Triangle: nag-i-install ng mga underground na vault at tubo para sa bagong Denny Substation;
• Blue Ridge: nag-i-install ng mga underground na tubo at vault para sa proyektong pag-upgrade ng electric-cable;
Ang listahang ito ay hindi kumpleto. Para sa mga detalye, pumunta sa www.seattle.gov/light/atwork at mag-click sa orange na cone.

Impormasyon ng City Light
700 Fifth Avenue, Suite 2822
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
www.seattle.gov/light
www.facebook.com/SeattleCityLight
www.twitter.com/SeaCityLight
May mga tanong, komento o suhestyon?
Tumawag sa (206) 684-3000.